

**Petsa:** Mayo 05, 2020  
**Pamagat:** Pagpapalawak ng Ekspansiyon ng COVID-19 at Pamantayan ng Pagsusuri  
**Kontak:** Melissa Peek-Bullock, State Epidemiologist, Office of Public Health Investigations and Epidemiology  
**Para sa:** Sa lahat ng Nangangalaga at mga Pasilidad nito, Nagpapalano ng Pangangalaga, Regulasyon ng Medikal at Nursing Board

---

### **Background na Impormasyon**

Ang National Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay naunang sinuri ang mga pasyenteng may mga sintomas lamang ng COVID19 dahil sa isang matinding kakulangan ng kapasidad na suriin ang mga ito hanggang sa ngayon. Ayon sa [Annals of Internal Medicine](#) ang mga sintomas ay maaring hindi makita sa loob ng lima hanggang anim na araw - o kahit na dalawang linggo pagkatapos mahawa ng COVID-19. Ayon sa ulat ng [WHO](#), ang mga 'presymptomatic at asymptomatic' na pasyente ay maaring mailipat ang virus, isa o hanggang tatlong araw bago ito magsimulang magpakita ng mga sintomas. Halos 75 porsiyento ng mga naging pasyente na nagpositibo sa pagsusuri na hindi nagpakita ng mga sintomas ay naging presymptomatic, at nakitaan ng pag ubo, pagkapagod, lagnat at iba pang palatandaan ng COVID-19 sa mga sumunod na pagsusuri. Ayon sa [CDC MMWR April 2nd – 2020 research published](#), ang paglipat mula 'asymptomatic at presymptomatic' ng mga residente ng 'Nursing facility', na noo'y hindi kinilala sa pag kakaroon ng SARS-COV 2 at samakatuwid na hindi agarang naihiwalay ay maaring nakadagdag sa pagkalat ng sakit.

Ang pagsusuri ng nakatuon lamang sa mga pasyenteng may sintomas ng sakit ay maaring hindi sapat upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Ang pagpapalawak ng pagsusuri ay agarang kinakailangan upang matukoy ang epekto ng mga kaso ng asymptomatic sa pagkalat ng viral. Maaring mag-ambag sa patuloy na paglaganap ng COVID-19 ang mga 'Asymptomatic, Subclinical at Presymptomatic' na impeksyon.

Ang mga kasalukuyang estratehiya sa pagsusuri batay sa sintomas lamang ay tila hindi sapat upang matukoy o maagang malaman ang lahat ng mga kaso ng COVID-19 upang maiwasan ang pagkalat ng virus sa komunidad at ang pagkalat ng impeksyon sa loob ng mga 'Nursing Homes' at ibang Residential na Pasilidad.

### **PAGPAPALAWAK SA PAGSUSURI NG MGA INDIBIDWAL NA WALANG SINTOMAS**

Habang ang kakayahan sa pagsusuri ay patuloy na tumataas, dapat lamang na ang State healthcare at ang sistema ng public healthcare ay palawigin ang pagsusuri ng COVID 19 sa mga lugar na ang pangangailangan ay hindi natutugunan.

Ang pagtaas ng kakayahang magamit sa pagsusuri ang magpapahintulot sa mga doktor na isalang-alang ang pagsusuri sa mas malawak na pangkat kabilang ang mga may banayad na sintomas, walang sintomas, at mga pasyente na presymptomatic. Upang maagang matukoy ang higit pang mga kaso ng COVID-19, ang pagsusuri ay dapat mapalawak sa mga indibidwal na mayroon at walang mga sintomas.

Ang mga nakatutok na aktibidad ay dapat ipatupad upang mabawasan at tuluyang mapigilan ang karadagang paghawa, kabilang na ang pagsusuri sa mga 'Asymptomatic high-risk vulnerable' na mga indibidwal at sa mga maaaring nalantad sa mga kaso ng COVID-19. Mga matatandang indibidwal na may 'comorbidities'; mga lahi o etniko na walang batayan, mga iilan na 'insured at under-insured'; mga indibidwal na may pisikal, panlipunan, pangkaisipan, pag uugali at emosyonal na mga hamon ay tila nagpapakita ng mas mataas na peligro para mahawa at mamatay dahil sa mga impeksyon dulot ng COVID-19. Kasunod nito dapat silang isaalang-alang na priyoridad para sa pagsusuri at maagang pagtuklas.

Ang mga dramatikong hakbang ay kinakailangan upang matatag ang isang 'statewide system' para sa pangkalahatan at napapanahong pagsusuri sa lahat ng mga may sintomas at 'high risk asymptomatic' na mga indibidwal. Ang dalawang uri ng mga pagsubok ay magagamit para sa COVID-19: [viral tests](#) at ang [antibody tests](#). Ang Viral test ay maaring makilala ang isang kasalukuyang impeksyon. Samantalang, ang Antibody test ay maaring makilala ang isang nakaraan o dating impeksyon. Maaaring tumagal nang 1-3 linggo ang isang pasyente ng COVID-19 pagkatapos magkasakit upang makabuo ng mga antibodies. Bilang karagdagan, hindi pa nalalaman kung ang pagkakaroon ng naturang mga antibodies laban sa virus ay maaaring magbigay ng ilang proteksyon laban sa muling pagkahawa at kung gaano katagal maaaring tumagal ang naturang proteksyon.

## **MGA PRIORIDAD NA SURIIN PASA SA COVID-19**

### **MATAAS NA PRIORIDAD**

- Mga pasyente sa Ospital
- Mga manggagawa sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, mga manggagawa sa mga 'Congregate living settings', at mga 'First responders' na may mga sintomas
- Ang mga residente sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o iba pang mga 'Congregate living settings' kasama ang mga Bilangguan at mga Shelters, na may mga sintomas
- Ang mga taong tukoy nang 'Cluster' Pampublikong Pangkalusugan at mga piling 'Contact Investigator'

### **PRIYORIDAD**

- Ang mga taong may mga sintomas ng potensyal na impeksiyong COVID-19, kabilang ang: lagnat, ubo, iksi ng paghinga, panginginginig, sakit ng kalamnan, bagong pagkawala ng panlasa o amoy, pagsusuka o pagtatae at / o namamagang lalamunan
- Ang mga taong walang sintomas <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-nCoV/hcp/clinical-criteria.html> na inuunahan ng mga Kagawarang Pangkalusugan ng lokal/estado o klinika, sa anumang kadahilanan, kabilang ang hindi limitado sa:  
Pampublikong pagsubaybay sa kalusugan, pagbabantay ng sentinel, o screening ng iba pang mga indibidwal na asymptomatic ayon sa mga plano ng estado at lokal na komunidad.

Ang datos at mga resulta ng pagsusuri ng COVID-19 na kasama ang mga hindi nagpakita ng mga sintomas ay maaaring magbigay ng mas tumpak na pag-unawa sa kung paano kumakalat ang virus sa komunidad. Ang ganitong mga kritikal na natuklasan ay magbibigay kaalaman sa mga patakaran at patnubay sa hinaharap. Ang pagkilala sa mga kaso ng asymptomatic ay magbibigay ng mas mahusay na pag-unawa sa

mga epekto ng virus sa komunidad. Ang pagpapalawak sa pagsusuri ay gaganap ng pangunahing bahagi sa pag-impluwensya sa patuloy na pagsasaayos ng estado ng pag-iwas, pag-iwas ng komunidad at mga hakbang sa kontrol. Ang karagdagang pagpapalawak ng pagsusuri ay maaari ring humantong sa isang mas malaking bilang ng mga residente na may kamalayan sa kanilang mga kondisyon, kaalaman na maaaring mag-ambag na nakatuon na 'Social Distancing' at karagdagang pagbawas sa paghawa sa komunidad. Ang napapanahong pagpapatuloy ng mabusisi, maingat na pagdaragdag sa pagsusuri, pagsubaybay at pagkakaloob nito ay nagpapabuti sa ating mga nakamit at tutulong upang maiwasan ang mga hadlang.

#### **PAG-UULAT**

Ang mga tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan (Doktor/Nurse etc.,) ay dapat na agad na ipaalam sa parehong 'Infection Control Personnel' sa kanilang 'Health Care Facility' at kanilang Lokal/Kagawaran ng Kalusugan kung ang isang tao ay nasa sa ilalim ng pagsisiyasat (PUI) para sa COVID-19.

- **Nevada Division of Public and Behavioral Health (DPBH):** (775)-684-5911 (M-F 8:00 AM to 5:00 PM); (775) 400-0333 (after hours)
- **Southern Nevada Health District (SNHD):** (702)-759-1300 (24 hours)
- **Washoe County Health District (WCHD):** (775)-328-2447 (24 hours)
- **Carson City Health and Human Services (CCHHS):** (775)-887-2190 (M-F 8:00 AM to 5:00 PM); (775)-887-2190 (after hours)

Para sa iba pang impormasyon, maaring tumawag sa DPBH Lunes-Biyernes 8:00 Umaga hanggang 5:00 Gabi sa (775)-684-5911. Ang linya pagkatapos ng oras ay maaaring makipag-ugnayan sa (775) 400-0333



Lisa Sherych, Administrator  
Division of Public and Behavioral Health



Ihsan Azzam, Ph.D., M.D.  
Chief Medical Officer